# Pag-alaala sa ating kahalagahan sa Diyos

Piliin ang isa o ang lahat ng sumusunod na opsiyon para matulungan kang mas maunawaan at mapahalagahan ang iyong kahalagahan sa Diyos.


### Opsiyon 1:

Pag-aralan ang tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo at pagnilayan ang Kanyang pagmamahal sa iyo. Maaari mong basahin ang ilan sa mga sumusunod na talata: Isaias 53:3–5; Lucas 22:41–44; Juan 3:16–17; 1 Corinto 6:11, 19–20; Alma 7:7, 10–13. Maaari ka ring maghanap ng iba't ibang talatang pag-aaralan.

Pag-isipang isulat ang mga cross-reference na gusto mong tandaan. Maaari mong isulat ang mga ito sa iyong mga banal na kasulatan sa tabi ng Doktrina at mga Tipan 18:10–11, isulat ang mga ito sa iyong study journal, o gamitin ang iyong Gospel Library app para gumawa ng mga tag o link.

### Opsiyon 2:

Pag-aralan ang itinuro ng mga lider ng Simbahan tungkol sa ating kahalagahan sa Diyos. Gamitin ang Gospel Library o iba pang resources para maghanap ng mga kaugnay na pahayag o mensahe. Maaari kang maghanap ng mga katagang tulad ng "kahalagahan o halaga" o "pagmamahal o pag-ibig ng Diyos" para matulungan kang makahanap ng resources. Ang sumusunod na pahayag ni Sister Joy D. Jones, dating Primary General President, ay isang halimbawa ng maaari mong mahanap.



Ipaliliwanag ko sa inyo ang pangangailangang masabi ang pagkakaiba ng dalawang mahalagang salita: *halaga* at *pagkamarapat*. Hindi sila magkapareho. Ang ibig sabihin ng espirituwal na *halaga* ay pahalagahan ang ating sarili ayon sa pagpapahalaga sa atin ng Ama sa Langit, hindi ayon sa pagpapahalaga sa atin ng mundo. Tukoy na ang ating halaga bago pa tayo pumarito sa mundong ito. "Ang pag-ibig ng Diyos ay walang hanggan at mananatili magpakailanman."

Sa kabilang dako, ang *pagkamarapat* ay nakakamtan sa pamamagitan ng pagsunod. Kung nagkasala tayo, hindi tayo gaanong karapat-dapat, ngunit hindi kailanman nababawasan ang ating halaga! Patuloy tayong nagsisisi at nagsisikap na maging katulad ni Jesus nang hindi tayo nawawalan ng halaga. Tulad ng itinuro ni Pangulong Brigham Young: "Ang pinakamaliit at pinakaabang espiritu ngayon sa lupa . . . ay singhalaga ng mga daigdig." Anuman ang mangyari, palagi tayong may halaga sa paningin ng ating Ama sa Langit. (Joy D. Jones, "Halagang Hindi Masusukat," *Liahona*, Nob. 2017, 14)

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_091-1